Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG ENERO 17, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. LOUIE C. DE LEON | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Ramon D. Tan | ........ | Kagawad |
| *Kgg. Florencio C. Odejar* | ........ | *Kagawad* |
| Kgg. Rizaldy N. Kalaw | ........ | Kagawad |
| Kgg. Laarni A. Malibiran | ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asians | ........ | Kagawad |
| Kgg. Rolando Moises E. Acapulco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ronald P. Obligacion | ........ | Kagawad – Pangulo /<br>Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Jose Mauro D. Gabinete | ........ | Kagawad – Pangulo /<br>Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BILANG 009 –T'2011

### KAPASIYAHANG PINAHAHABA NANG HANGGANG SA PEBRERO 15, 2011 ANG PAGBABAYAD NG LISENSYA AT PAHINTULOT SA PAGNENEGOSYO NANG WALANG KARAGDAGANG MULTA.

SAPAGKAT, ayon sa Seksyon 167 ng Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang lahat na lokal na buwis, butaw at singilin ay dapat bayaran sa nilolooban ng unang 20 araw ng Enero o ang bawat susunod na ikaapat na bahagi ng taon, ayon sa hinihingi ng pangyayari;

SAPAGKAT, sa ilalim din ng kodigong ito, ang kinaukulang sanggunian ay, sa makatuwirang kadahilanan, pahabain ang panahon ng pagbabayad ng mga buwis, butaw, at singilin nang walang karagdagang multa.

SAPAGKAT, may liham-kahilingan sa sangguniang ito ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban hinggil sa pagpapalawig ng pagbabayad ng permiso upang bigyang-daan ang kahilingan ng maraming bilang ng mga mangangalakal at negosyante, lalo't higit ang maliliit na mamumuhunan.

KUNG KAYAT, dahil ditto, sa mungkahi ng Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay :

PINAGPASIYAHANG: Pahabain nang hanggang Pebrero 15, 2011 ang pagbabayad ng lisensya at pahintulot sa pagnenegosyo nang walang karagdagang multa, ayon sa kahilingang nabanggit.

*INIUUTOS : Na padalhan ng sipi ng Kapasiyang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang* Ingat-Yaman, Tanggapan ng Permiso at Lisensya, at mga may kinalamang tanggapan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

Pinagtitibay. Enero 17, 2011

Pinatutunayan kong tumpak at wasto ang sumusunod na kapasiyang ito.

for Maria Luisa F. [signature]
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

Nagpatotoo:

[signature]
**LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan

Pinagtibay:

[signature]
**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan